## MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA

# COVID-19 VACCINES



- Ang pagbabakuna ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang protektahan ang iyong kalusugan.
- Ginagamit ng mga bakuna ang mga natural na depensa ng katawan upang magdibelop ng proteksyon laban sa isang sakit.
- Ang COVID-19 vaccines ay nagpapadala ng instructions sa immune system ng iyong katawan upang kilalanin at labanan nito ang virus na nagdudulot ng COVID-19.
- **Ang mga libreng vaccine ay available sa lahat ng mga taong nakatira sa Canada.**

## Bakit magpapabakuna para sa COVID-19?

**Gumagana ang mga bakuna at ligtas ang mga ito**

- Ipinapakita ng scientific at medikal na ebidensiya na ang pagbabakuna ay makakatulong na magprotekta sa iyo laban sa COVID-19.
- Ang mga vaccine lamang na napatunayang **ligtas**, **mabisa**, at **high quality** ang siyang awtorisadong gamitin sa Canada, pagkatapos ng masusing pagsubok at maingat na pagsusuri ng Health Canada
- Ang mga vaccine ay hindi maaring magbigay sa iyo ng COVID-19 dahil hindi sila naglalaman ng virus na nagdudulot nito, at hindi rin maaring baguhin nito ang iyong DNA.

## Sama-sama tayo dito

Ang COVID-19 vaccines ay mahalagang tools na makakatulong sa atin na pigilan ang pandemic na ito. Sa ngayon, kailangan pa rin natin sundin ang mga patakaran ng public health upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 at upang magligtas ng mga buhay.

Kailangan nating protektahan ang bawat isa, lalo na ang mga tao na mas mabilis pa ring magkaroon ng mga malalang karamdamam mula sa COVID-19.



bgc Canada Canada

**Alamin ang mga katotohanan.** Bisitahin ang **Canada.ca/covid-vaccine** para sa higit pang impormasyon.